
2

# Arts

## Unang Markahan – Modyul 4: Pagkikilala ng Kulay ng Iba't-Ibang Bagay na Likas na Makikita sa ating Kapaligiran



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts – Ikalawang Baitang Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Pagkilala ng Kulay ng iba't-ibang Bagay na Likas na Makikita sa ating Kapaligiran**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Marlinda B. Junio

**Language Editor:** Nelson Oliva

**Content Editor:** Saturnino D. Dumlao

**Tagaguhit:** Marlinda B. Junio, Lady Grace F. Madriaga, Mei Ann B. Suarez

**Tagalapat:** Seline Marie B. Junio, April Mae E. Salibay, Mei Ann B. Suarez

**Tagapamahala:** Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas
Nestor P. Nuesca, Engelbert Aguday, Felegina Bugay,
Jose C. Tala

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ______________________________

**Kagawaran ng Edukasyon-Region III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Arts

## Unang Markahan – Modyul 4: Pagkikilala ng Kulay ng Iba't-Ibang Bagay na Likas na Makikita sa ating Kapaligiran

DEPARTMENT OF EDUCATION

**Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang araling ito ay tungkol sa mga bagay na nakikita sa ating kapaligiran. Ito rin ay pagpapaunlad ng sariling kakayahan na maipapakita ang pag-unawa at pagkatuto sa iba't- ibang uri ng kulay, hugis at linya gamit ang kulay sa obra o likhang sining.

Sa modyul na ito, ay inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan:

- Natutukoy ang iba't -ibang hugis na ginamit sa likhang sining. **A2EL-Ib**
- Naitutulad ang orihinal na kulay ng isang likhang sining.
- Naitutulad ang hugis sa hugis ng tunay na bagay.
- Natutuhan mo sa araling ito na ang mga tunay na iginuhit o ipininta ay tinatawag na *Still Life* (Buhay Pa) sa sining.

## *Subukin*

**Panuto:** Pagmasdan ang ating kapaligiran. Pangkatin ang mga bagay na nakikita sa ating kapaligiran ayon sa kanilang uri. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Halaman | Sasakyan | | | Hayop |
|---|---|---|---|---|
| | Pandagat | Panghimpapawid | Panlupa | |
| | | | | |

# Aralin 1

# Pagkilala ng Kulay ng Iba't Ibang Bagay na Likas na Makikita sa Ating Kapaligiran

Tingnan ang larawan.



Sagutin ang mga tanong:

1. Anong pangkat ang nakita mo sa larawan?
2. Anong mga bulaklak ang nakita mo sa larawan?
3. Ano ang kulay ng mga bulaklak?
4. Anong mga hugis ang nakita mo sa larawan?
5. Anong mga linya ang nakita mo sa larawan?

Ang pangkat ng mga tunay na bagay na iginuhit o ipininta ay tinatawag sa sining na Still Life (Buhay Pa).

Maaaring gumamit ng mga prutas, mga bulaklak, mga kagamitan, sa paaralan o iba pang bagay sa kapaligiran sa paggawa ng Still Life (Buhay Pa).


## Balikan

Ano anong mga hugis ang iyong natutuhan sa nakaraang aralin?

Tukuyin ang mga ito at isulat sa papel ang tamang sagot. Ito ay kurbang linya o diretsong linya?

## Tuklasin

**Panuto:** Tignan ang larawan sa baba at sagutan ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1. Ano-ano ang mga bagay na nakikita mo sa ibabaw ng mesa?
2. Ang mga kagamitan bang ito ay ginagamit mo sa paaralan araw-araw?

3. Pumili ka ng tatlong kagamitan na ginagamit mo sa paaralan araw-araw at ito ay iyong iguhit.

Maaaring ilagay ang ibang bagay sa harapan at ang ibang bagay naman ay sa likuran. Ang iyong nalikhang sining ay tinatawag na Still Life.

## *Suriin*

Upang lubos na maunawaan ang pagguhit ng still life, Gawin ang mga sumusunod.

Gumuhit ng limang paboritong prutas at kulayan ayon sa orihinal na kulay ng mga nito.

1.

2.


3.


4.

5.


## *Pagyamanin*


**Panuto:** Kulayan ang mga sumusunod na larawan ayon sa tamang kulay ng mga ito.











## *Isaisip*

Tandaan na sa pagguhit ng Still Life (Buhay Pa) dapat na:

A. Itulad ang kulay sa kulay ng tunay na bagay.
B. Itulad ang hugis sa hugis ng tunay na bagay.
C. Ayusin ang mga bagay: ang iba ay sa harap, ang iba ay sa likod.

## *Isagawa*

**Panuto:** Gumuhit ng sariling disenyo ng mga paboritong laruan at kulayan ayon sa orihinal na kulay nito. Gawin ito sa isang malinis na papel.

## *Tayahin*

**Panuto:** Isulat ang **T** kung tama ang kulay na binanggit at **M** kung mali. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_______________1. Pula ang kulay ng saging na hinog.

_______________2. Kulay puti ang bulaklak ng sampagita.

_______________3. Ang dugo ay kulay pula.

_______________4. Kulay asul ang karagatan.

_______________5. Kulay berde ang dahon ng malunggay.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Iguhit ang tamang hugis ng mga sumusunod na salitang bagay. Gawin ito sa isang malinis na papel.

**Bola**

**Lapis**

**Kahon**

**Aklat**

**Pisara**

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay inihanda para sa iyong kaalaman, kasanayan, at likas na pagkamalikhain na iyong natutuhan sa nakaraang aralin. Maliwanag at payak ang pagkakasulat ng paraan sa bawat gawain upang madali mong maunawaan at masundan ang mga ito nang malaya mong maipahayag ang iyong imahinasyon at damdamin sa paglikha ng sarili mong disenyo.

Sa modyul na ito ay inaasahang matutunan mo ang mga sumusunod na kasanayan:

- Natutuhan ang mga gawaing pagguhit gamit ang imahinasyon.
- Nakakaguhit ng iba't-ibang linya sa pagbuo ng isang obra.
- Nakakagamit ng iba't-ibang kulay sa isang likhang sining o disenyo. **A2EL-Ic**

## *Subukin*

**Panuto:** Suriin ang mga larawan sa baba at tukuyin ang mga hugis at linya na makikita dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1.



2.




3.



4.



5.



| Aralin 2 | Kulay at Hugis na Isang Likhang Sining na Likas na Makikita sa Kapaligiran |
|---|---|

# Aralin 2: Kulay at Hugis na Isang Likhang Sining na Likas na Makikita sa Kapaligiran

Tumingin sa ating kapaligiran. Pumili ng isang uri ng halaman na paborito ninyo, iguhit at kulayan ito ayon sa orihinal na anyo.

Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang paborito mong halaman?
2. Bakit ito ang napili at nagustuhan mo? Iguhit ito.
3. Tama ba ang mga kulay na ginamit mo?
4. Anu-ano ang mga kulay at hugis ang ginamit mo sa iyong iginuhit?

## *Balikan*

Ano ang tawag sa likhang sining na iginuhit at kinulayan ayon sa orihinal nitong anyo? Ano-anong mga uri ng linya ang pwedeng gamitin sa pagguhit?

## *Tuklasin*

Tingnan ang larawan sa baba.



*By: 1-800-FLOWERS*

Sagutin ang mga sumusunod na tanong.


1. Ano-anong mga bulaklak ang nakikita mo sa larawan?
2. Mayroon ba kayong tanim sa inyong hardin na mga bulaklak na gaya ng nasa larawan?
3. Ano ang paborito mong bulaklak? Iguhit at kulayan ito ayon sa orihinal nitong anyo.

## *Suriin*

**Panuto:** Iguhit at kulayan ang magiging disenyo ng iyong pangarap na bahay. Gawin ito sa isang malinis na papel.

## Pagyamanin

**Panuto:** Tukuyin ang linya o hugis na ginamit sa larawan na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1.

2.

3.

4.

5.

## *Isaisip*

Tandaan:

A. Sa pagguhit ng isang bagay, dapat itulad ito sa orihinal niyang anyo.

B. Sa pagkulay ng isang obrang sining, dapat itulad natin ito sa tunay niyang kulay.

C. Ayusin ang pagkulay at pagguhit, upang mapukaw ang damdamin ng mga taong tumitingin dito.

## *Isagawa*

**Panuto:** Iguhit ang kartoon karakter na iyong paborito at kulayan ito.

## *Tayahin*

**Panuto:** Iguhit ang paborito mong alagang hayop gamit ang iba't ibang uri ng linya at hugis at kulayan mo ito. Gawin ito sa isang malinis na papel.

## Karagdagang Gawain

Ang isang batang katulad mo ay may paboritong pagkain, Ano ang paborito mong pagkain? Iguhit at kulayan ito.


# *Susi sa Pagwawasto*

**SUBUKIN**

Maaaring iba-iba na ang sagot ng bata

**BALIKAN**

Pakurbang linya



Diretsong linya

**TAYAHIN**

1. M
2. T
3. T
4. T
5. T

**SUBUKIN**

1. Pabilog at pakurba
2. Tuwid na linya at bilohaba
3. Tatsulok at parihaba
4. Parisukat at tuwid na linya
5. Parisukat, parihaba at tuwid na linya

**TUKLASIN**

Maaaring iba-iba na ang sagot ng bata

# *Sanggunian*

Curriculum Guide sa Music, Arts, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang.p.16

Patnubay ng Guro sa Music, Arts, Physical Education and Health- Ikalawang Baitang.pp. 120-121

Ramilo, Ronaldo V., Pabilonia Fe P., Igot, Kristel Iris E., and Catacutan, Marco A. Music, Arts, Physical Education and Health. 1st ed. Philippines: Rex Book Store, INC., 2013 pp. 174

1-800-FLOWERS, Baloon Delivery | Same Day Ballon Bouquets | 1800 flowers, Pinterest, Online Image, https://www.pinterest.ph/pin/268808671484174582/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph